

## Kawanihan sa Impormasyon

PINAPATNUBYAN NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

## Di mapipigil ng karagdagang 30,000 pasistang tropa ang pagsulong ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan

pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas 06 Agosto 2000

Ang planong dagdagan pa ng 30,000 tropa ang kinamumuhiang CAFGU ay hindi makapipigil sa pagsulong ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Katunayan, ang planong palakihin ang pwersa ng pasistang CAFGU, na laging katuwang ng AFP sa pang-aapi at pandarahas sa mamamayan, ay lalo lamang nagpapatibay sa paninindigan ng mamamayan na labanan ang rehimeng US-Estrada at ang bulok na naghaharing sistemang panlipunan.

Malaking kalokohan ang sinasabing hindi na mauulit ang mga pang-aabuso sa nakaraan. Katunayan, dahil ulol na ulol ang rehimeng US-Estrada na gapiin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayan, lalo pang sisidhi ang pananalanta ng CAFGU-AFP sa mga karapatan at kabuhayan ng mamamayan at lulubha ang mga paglabag nito sa mga internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma.

Puspusang lalabanan ng Partido, ng BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang pagdaragdag ng tauhan sa CAFGU kaalinsabay ng pangkalahatang pagsusulong ng digmang bayan. Hinihikayat namin ang mga organisasyong masa, laluna sa kanayunan, na maglunsad ng mga kampanya ng paglalantad sa pasismo at kabulukan ng AFP-PNP-CAFGU at hadlangan ang rekrutment nito ng karagdagang tauhan.

Ang mga indibidwal na sumapi sa CAFGU sa mga dahilang pang-ekonomiko ay hinihikayat na tumiwalag mula rito at isurender ang kanilang mga armas sa mga yunit ng BHB sa kani-kanilang lugar. Samantala, ang pinakapusakal na yunit ng CAFGU, gayundin ng AFP at PNP, na may mabibigat na kasalanan sa masa, ay papatawan ng karampatang kaparusahan ng BHB.

Baluktot ang paniniwala ng AFP na magagapi nila ang matagalang digmang bayan at ang kasalukuyang pakikidigmang gerilya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng higit na mas maraming tropa kumpara sa dami ng mga mandirigma ng BHB. Ang pagsulong at paglakas ng digmang bayan ay nakasalalay, hindi sa superyoridad ng lakas-militar, kundi sa superyoridad ng lakas ng nagkakaisang mamamayan. Tiyak na magiging mas superyor ang lakas-militar ng BHB laban sa reaksyunaryong estado, dahil ang

digmang bayan ay wasto, makatarungan at walang-sawang tinatangkilik ng mamamayan.

Hindi magagawa ng rehimeng US-Estrada na tuluy-tuloy lamang na palakasin ang pwersang militar nito. Nahahangganan ito, hindi lamang ng limitadong rekurso (kahit pa makakuha ito ng ayudang militar mula sa imperyalismong US), kundi higit dito, ng patuloy na isolasyon nito mula sa masang inaapi at pinagsasamantalahan dahil sa pagtatanggol ng reaksyunaryong estado sa anti-mamamayan at makadayuhang mga interes.

Sregoio "Ka Rager" Posal